

Setyembre 21, 2021
2021-25

Kautusang Tagapagpaganap

**KAUTUSANG TAGAPAGPAGANAP NA SUMUSUSOG SA KAUTUSANG
TAGAPAGPAGANAP 2021-24
(KAUTUSANG TAGAPAGPAGANAP PARA SA COVID-19 BLG. 91)**

SAPAGKAT, noong Setyembre 17, 2021, inisyu ko ang Kautusang Tagapagpaganap 2021-24 upang matugunan ang nagpapatuloy na pandemya sa pamamagitan ng pag-aatas sa mga paaralan na ibukod ang mga mag-aaral at tauhan ng paaralan sa ilalim ng ilang mga pangyayari; at,

SAPAGKAT, ang Kautusang Tagapagpaganap na ito gumagawa ng mga tiyak na susog sa Kautusang Tagapagpaganap 2021-24, kasama ang mga pagbabagong nakilala sa pamamagitan ng pagsalungguhit o pag-welga upang makapagbigay ng karagdagang detalye tungkol sa mga hakbang na dapat gawin ng mga paaralan upang matiyak ang kaligtasan ng mga mag-aaral at tauhan ng paaralan; at,

SAPAGKAT, mula noong unang bahagi ng Marso 2020, ang Illinois ay naharap sa isang pandemya na nagdulot ng pambihirang karamdaman at pagkawala ng buhay, na dinapuan ang higit sa 1,590,000, at kumitil ng buhay ng higit sa 24,500 na mga residente; at,

SAPAGKAT, sa lahat ng oras ngunit lalo na sa panahon ng isang krisis sa pampublikong kalusugan, ang pangangalaga sa kalusugan at kaligtasan ng mga taga-Illinois ay kabilang sa pinakamahalagang tungkulin ng pamahalaan ng Estado; at,

SAPAGKAT, tinukoy ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Illinois (IDPH, para sa akronim nito sa Ingles) na ang Delta variant ay kumalat nang mabilis sa Illinois, at iniulat ng Sentro ng Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit (CDC, para sa akronim nito sa Ingles) na binubuo ng Delta variant ang 96.6% ng datos ng pagkakasunud-sunod na nakolekta sa Illinois sa loob ng 4 na linggong panahon na nagtatapos sa Agosto 28, 2021; at

SAPAGKAT, iniulat ng CDC na ang Delta variant ay mas agresibo at mas madaling maihawa kaysa sa dating kumakalat na mga uri nito, at nagdulot ito ng mga bagong panganib sa patuloy na pagsisikap na matigil at mapabagal ang pagkalat ng birus; at,

SAPAGKAT, ayon sa CDC, iminumungkahi ng ilang data na ang Delta variant ay maaaring magdulot ng mas malubhang karamdaman kaysa sa mga naunang strain ng birus sa mga taong hindi pa nababakunahan; at,

SAPAGKAT, tinatantya ng CDC na ang Delta variant ngayon ay bumubuo ng higit sa 90 porsyento ng lahat ng mga magkakasunod na kaso ng coronavirus sa U.S.; at,

SAPAGKAT, bawat probinsiya ng Illinois ay kasalukuyang lugar ng mataas na transmisyong; at,

SAPAGKAT, sa buong estado, ang Illinois ay nakakaranas ng pagtaas ng bilang ng mga kama sa ospital na ginagamit ng mga pasyente ng COVID-19 (mula 524 noong Hunyo 16, 2021 hanggang 2,263 noong Setyembre 13, 2021) at mga kama sa ICU na ginagamit ng mga pasyente ng COVID-19 (mula 156 noong Hunyo 15, 2021, hanggang 519 noong Setyembre 15, 2021; at,

SAPAGKAT, may mga bahagi ng bansa kung saan may kakaunti, kung mayroon man, na mga kama sa ICU bilang resulta ng Delta variant sa Illinois, halimbawa sa Rehiyon 5, iniulat ng IDPH na walang magagamit na mga kama sa ICU simula noong Setyembre 16, 2021; at,

SAPAGKAT, maraming pag-aaral na inilathala o kinilala ng CDC ang nagpapakita na ang pisikali distansya mula sa kapwa-tao, mga pantakip sa mukha, at iba pang pag-iingat sa pampublikong kalusugan ay napatunayang mahalaga pabagalin at patigilin ang pagkalat ng COVID-19; at,

SAPAGKAT, ang mga kaso ng COVID-19 para sa mga edad 5 hanggang 11 at edad 12 hanggang 17 ay tumaas nang husto sa nakaraang buwan; at,

SAPAGKAT, para sa linggong nagtatapos noong Setyembre 11, 2021, ang mga kabataan edad 20 pababa ay naranasan ang pinakamataas na mga bagong impeksyon sa lahat ng mga pangkat ng edad sa linggong iyon, na may 257 na mga impeksyon sa bawat 100,000 na tao sa nasabing pangkat ng edad; at,

SAPAGKAT, para sa linggong nagtatapos noong Setyembre 4, 2021, ang mga taga-Illinois na edad 20 pababa ay nakaranas ng pagtaas ng hanggang 300 na bagong mga kaso sa bawat 100,000 na tao sa nasabing pangkat ng edad; at,

SAPAGKAT, ang timog na rehiyon ng Illinois ay nanguna sa 1,320 na lingguhang bagong kaso sa bawat 100,000 na mga bata para sa kabataan sa edad 12-17 na panaklong; at,

SAPAGKAT, kinilala ng CDC na ang pagbabakuna ang nangungunang pampublikong kalusugan na estratehiya sa pag-iwas upang wakasan ang pandemya ng COVID-19 at inirerekomenda na ang lahat ng mga guro, kawani, at mga kwalipikadong mag-aaral ay mabakunahan sa lalong madaling panahon; at,

SAPAGKAT, ang pagtaas ng mga bilang ng pagbabakuna sa mga paaralan ay proteksyon laban sa COVID-19 and, kasama ang pagsusuot ng antipas at regular na pagpapasuri, ay mahalaga sa pagbibigay ng personal na pagtuturo sa ligtas na paraan hangga't maaari; at,

SAPAGKAT, ang kabataan edad 12 ay hindi pa karapat-dapat na mabakunahan, at ang antas ng pagbabakuna para sa mga kabataan edad 12-17 sa Illinois ay 49.08%; at,

SAPAGKAT, ipinapayo ng CDC na ang pananatili sa bahay kapag nagkasakit ng COVID-19 ay mahalaga upang maiiwas ang mga impeksyon sa COVID-19 sa mga paaralan at maiwasan ang pagkalat sa iba; at,

SAPAGKAT, tinukoy ng IDPH ang isang pagsiklab bilang dalawa o higit pang mga indibidwal na kinilala na mayroon ng aktibong COVID-19 sa loob ng 14 na araw ng bawat isa na magkadugtong na nalantad sa pamamagitan ng mga nakatagpo sa paaralan at mula sa iba't-ibang mga sambahayan at hindi malapit na mga contact sa labas ng lugar ng paaralan; at,

SAPAGKAT, tinukoy ng CDC ang close contact bilang isang tao sa loob ng 6 na talampakan ng isang taong nahawahan (nakumpirma sa laboratoryo o isang katugmang sakit) para sa isang pinagsama-samang kabuuan ng 15 minuto o higit pa sa loob ng 24 na oras na panahon sa lugar ng panloob na silid-aralan ng K-12; at,

SAPAGKAT, sa panloob ng lugar ng K-12 na silid-aralan, ang depinasyon ng CDC sa malapit na contact ay hindi kasama ang mga estudyante na nasa loob ng 3 na talampakan ng isang nahawahan na estudyante (kinumpirma sa laboratoryo o isang katugmang sakit) kapag kapwa nahawahan na estudyante at ang nalantad na (mga) estudyante ay tama at tuloy-tuloy na nagsuot

ng maayos na mga antipas sa buong panahon. Ang pagbubukod ay hindi nalalapat sa mga guro, kawani, o iba pang may edad sa lugar ng panloob na silid-aralan; at,

SAPAGKAT, inirerekomenda ng CDC na sa paaralan, ang mga close contact ng mga nahawahan ng COVID-19 o pinaghihinalaan na nahawaan ng COVID-19 ay dapat na manatili sa bahay; at,

SAPAGKAT, ang pagkontrol sa pag-okupa at paghihigpit sa pagkakaroon ng mga indibidwal na nakumpirma o hinihinalang nahawahan ng COVID-19 ay mahalaga upang magpatuloy ang ligtas na personal na pagtuturo sa mga silid-aralan; at,

SAPAGKAT, dahil sa patuloy na pagkalat ng COVID-19, ang pagtaas ng banta ng Delta variant, at ang makabuluhang porsyento ng populasyon (mahigit 48%) na nananatiling hindi nabakunahan, inihayag ko noong Setyembre 17, 2021 na ang mga kasalukuyang kalagayan sa Illinois na nakapalibot sa pagkalat ng COVID-19 ay patuloy na bumubuo ng isang emerhensiya sa epidemya at isang emerhensiya sa pampublikong kalusugan sa ilalim ng Seksyon 4 ng Emergency Management Agency Act ng Illinois;

SAMAKATUWID, sa pamamagitan ng mga kapangyarihang ipinagkaloob sa akin bilang Gobernador ng Estado ng Illinois, alinsunod sa Konstitusyon ng Illinois at sa Illinois Emergency Management Agency Act, 20 ILCS 3305, ang mga Seksyon 7(1), 7(2), 7(3), 7(8), 7(12), at Seksyon 19 nito, inuutos ko ang mga sumusunod na kaagad ipatutupad:

Seksyon 1: Mga susog sa Seksyon 1 ng Kautusang Tagapagpaganap 2021-24

a. Mga Depinisyon

- i. Ang “Paaralan” ay nangangahulugang anumang pampubliko o hindi pampublikong elementarya o sekundaryong paaralan, kabilang ang mga charter school, na naglilingkod sa mga mag-aaral sa pre-kindergarten hanggang sa ika-12 na baitang. Ang terminong “Paaralan” ay hindi kasama ang sangkap ng paninirahan ng anumang paninirahan sa paaralan, kasama ang anumang mga residensya na paaralan na pinamamahalaan ng Estado tulad ng Philip J. Rock Center and School, ang Paaralang Illinois para sa May Kapansanan sa Biswal, ang Paaralan ng Illinois para sa mga Bingi, at ang Mathematics and Science Academy ng Illinois. Ang terminong “Paaralan” ay hindi saklaw ang mga paaralan na pinapatakbo ng Kagawaran ng Hustisya ng Kabataan ng Illinois.
- ii. Ang “Tauhan ng Paaralan” ay nangangahulugang sinumang tao na (1) nagtatrabaho, nagboboluntaryo, o kinontrata upang magbigay ng mga serbisyo para sa isang Paaralan o distrito ng paaralan na naglilingkod sa mga mag-aaral sa pre-kindergarten hanggang sa ika-12 baitang, o nagtatrabaho sa isang entidad na kinontrata upang magbigay ng mga serbisyo sa isang Paaralan, distrito ng paaralan, o mga mag-aaral ng isang Paaralan, at (2) malapit na nakikipag-ugnay (mas mababa sa 6 na talampakan) sa mga mag-aaral ng Paaralan o ibang Tauhan ng Paaralan nang higit sa 15 minuto na hindi bababa sa isang beses sa isang linggo sa isang regular na batayan na tinukoy ng Paaralan. Ang terminong “Tauhan ng Paaralan” ay hindi saklaw ang sinumang tao na naroroon sa Paaralan sa loob lamang ng maikling panahon at may panandaliang pakikipag-ugnayan sa ibang tao sa lugar (hal., mga kontratista na nagsasagawa ng paghahatid sa lugar kung saan sila ay nananatiling pisikal na nakadistansya mula sa iba o madaliang pumapasok sa lugar upang kunin ang isang kargamento).
- iii. Ang "Mag-aaral" ay nangangahulugang isang kabataan o bata na nakatala sa isang Paaralan.
- iv. Ang "Kumpirmadong Kaso" ay nangangahulugang isang tao na may positibong resulta sa COVID-19 molecular amplification diagnostic test (hal., Polymerase Chain Reaction (PCR) test), hindi alintana ang mga klinikal na palatandaan at sintomas.
- v. Ang "Marahil na Kaso" ay nangangahulugang isang tao na may positibong resulta sa isang COVID-19 antigen diagnostic test, hindi alintana ang mga klinikal na

- palatandaan at sintomas, o may mga sintomas na tulad ng COVID-19 na nahantad sa isang Kumpirmado o Marahil na Kaso.
- vi. Ang "Close Contact" ay nangangahulugang isang indibidwal na nasa loob ng 6 na talampakan nang hindi bababa sa 15 minuto ng isang Kumpirmadong Kaso o Marahil na Kaso sa loob ng 24 na oras. Ang terminong Close Contact ay hindi kasama ang isang mag-aaral na nasa loob ng 3-6 na talampakan ng isang Kumpirmado o Marahil na Kaso sa isang lugar ng silid-aralan kung ang parehong Kumpirmadong Kaso o Marahil na Kaso at Close Contact ay palaging nakasuot ng antipas para sa buong panahon ng pagkakalantad. Hindi kasama sa Close Contact ang mga indibidwal na buong nabakunahan o nagpositibo sa COVID-19 sa loob ng nakaraang 90 na araw at kasalukuyang walang sintomas.
 - vii. Ang "Ibukod" ay nangangahulugang obligasyon ng Paaralan na tanggihan ang pagpasok sa mga lugar ng Paaralan, mga karagdagang kaganapan o anumang iba pang mga kaganapan na inayos ng Paaralan, hindi alintana kung ang isang utos ng paghihiwalay o kuwarantenas na inisyu ng isang lokal na kagawaran ng kalusugan ay lumipas na o hindi naibigay. Ang pagbubukod mula sa isang Paaralan ay hindi maituturing na paghihiwalay o kuwarantenas.
- b. Dapat gawin ng lahat ng Paaralan ang mga sumusunod na hakbang upang matiyak ang kaligtasan ng Mga Mag-aaral at Tauhan ng Paaralan:
- i. Imbistigahan ang paglitaw ng mga kaso at pinaghihinalaan ang mga kaso sa Mga Paaralan at kilalanin ang Mga Close Contact para sa mga layunin ng pagtukoy kung ang Mga Mag-aaral o Tauhan ng Paaralan ay dapat na Ibukod alinsunod sa Kautusang Tagapagpaganap na ito
 - ii. Ibukod ang sinumang Tauhan o Mag-aaral ng Paaralan na isang Kumpirmadong Kaso o Marahil na Kaso para sa isang minimum na 10 na araw kasunod ang petsa ng pagsisimula kung may sintomas o petsa ng positibong pagsubok kung walang sintomas, o kung hindi man ay direktibo ng lokal na awtoridad sa kalusugan ng Paaralan.
 - iii. Ibukod ang sinumang Mag-aaral o Tauhan ng Paaralan na isang Close Contact sa loob ng 14 na araw o kung hindi man ay direktibo ng lokal na awtoridad sa kalusugan ng Paaralan, na maaaring magrekomenda ng pagpipilian tulad ng Pagbubukod sa loob ng 10 na araw o 7 na araw na may negatibong resulta sa ika-6 na araw. Bilang isang kahalili sa Pagbubukod, maaaring pahintulutan ng mga Paaralan ang Mga Close Contact na walang sintomas na mapunta sa mga lugar ng Paaralan, sa mga ekstrakurikular na kaganapan, o anumang mga kaganapan na inayos ng Paaralan kung kapwa ang Kumpirmadong Kaso o Marahil na Kaso at ang Close Contact ay nakasuot ng antipas sa buong panahon ng pagkakalantad at ang Close Contact ay nagnegatibo sa pagsubok sa 1, 3, 5 at 7 na araw kasunod ng pagkakalantad.
 - iv. Bilang karagdagan sa (b)(ii) at (b)(iii), Ibukod ng mga Paaralan ang sinumang Mag-aaral o Tauhan ng Paaralan ~~para sa isang minimum na 10 na araw~~ kung nagpapakita ng mga sintomas ng COVID-19, na tinukoy ng CDC, hanggang sila ay nag-negatibo sa COVID-19 o ng minimum ng 10 na araw, hanggang sa sila ay walang lagnat sa loob ng 24 na oras at hanggang 48 na oras pagkatapos tumigil ang pagtatae o pagsusuka.
- c. Ang lahat ng mga Paaralan ay gagawing magagamit ang malayuang pagtuturo na naaayon sa mga kinakailangang idineklara ng Tagapamahala ng Estado para sa Edukasyon alinsunod sa Seksyon 10-30 at 34-18.66 ng School Code, 105 ILCS 5/10-30 at 105 ILCS 5/34-18.66, para sa Mga Mag-aaral na Hindi kasama sa personal na pag-aaral alinsunod sa Kautusang Tagapagpaganap na ito.
 - d. Ang mga ahensya ng Estado, kabilang ngunit hindi limitado sa Kagawaran ng Pamublikong Kalusugan ng Illinois, ay maaaring magpalaganap ng mga emerhensiyang panuntunan kung kinakailangan upang maisakatuparan ang Kautusang Tagapagpaganap na ito.
 - e. Wala sa Kautusang Tagapagpaganap na ito na nagbabawal sa isang lokal na awtoridad sa kalusugan mula sa pag-isyu ng mga utos para sa paghihiwalay o kuwarantenas alinsunod

sa Batas ng Kagawaran ng Pamublikong Kalusugan, 20 ILCS 2305/1.1 et seq., at mga regulasyong nagpapatupad sa Batas na iyon, o hinihiling ang mga paaralan na gumawa ng mas mahigpit na mga hakbang kaysa sa inilarawan sa Kautusang Tagapagpaganap na ito.

Seksyon 2: Pagtatapos na Sugnay. Kung ang anumang probisyon ng Kautusang Tagapagpaganap na ito o ang aplikasyon nito sa sinumang tao o kalagayan ay hindi tanggap ng anumang korte na may karampatang hurisdiksyon, ang kawalang-bisa nito ay hindi nakakaapekto sa iba pang probisyon o aplikasyon ng Kautusang Tagapagpaganap na ito, na maaaring mabigyan ng epekto nang walang di-wastong probisyon o aplikasyon. Upang makamit ang layuning ito, ang mga probisyon ng Kautusang Tagapagpaganap na ito ay idineklarang maaaring hatiin.

Seksyon 3: Mga Naunang Kautusang Tagapagpaganap. Ang Kautusang Tagapagpaganap na ito ay humahalili sa anumang salungat na probisyon ng iba pang naunang Kautusang Tagapagpaganap. Ang anumang mga probisyon na hindi salungat sa mga nasa Kautusang Tagapagpaganap na ito ay dapat na manatiling may bisa.

JB Pritzker, Gobernador

Inisyu ng Gobernador Setyembre 21, 2021
Inihain ng Kalihim ng Estado Setyembre 21, 2021